Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-07 NG HULYO, 2020 SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad<br>(Nasa Opisyal na Gawain) |

**KAPASIYAHAN BLG. 48 T. 2020**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNUMBAYAN ROLANDO G. UBATAY NA HILINGIN SA NATIONAL POWER CORPORATION (NPC)- CBK POWER COMPANY LIMITED NA MAGAMIT NG PAMAHALAANG BAYAN NG LUMBAN ANG BAHAGI NG RECLAMATION AREA SA BARANGAY LEWIN BILANG TRANSFER AT HOLDING STATION NG MGA SEGREGATED WASTE NA KASALUKUYANG INIIPON SA PAMBAYANG PAMILIHAN**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**
**Tagapangulo ng Committee on Public Market and Slaughter House**

**SAPAGKAT**, ang mga segregated waste na kasalukuyang iniipon ng Solid Waste Management Team sa bahagi ng pambayang pamilihan bago dalhin sa CEMEX cement plant sa Bayan ng Teresa, Rizal ay nagdudulot ng hindi kaaya-ayang tanawin sa palengke dahil sa malaking volume nito na nagdudulot din ng pagsikip sa ginagamit na lugar;

**SAPAGKAT**, ang kasalukuyang ginagamit na segregation at holding station ay maaaring magamit sa iba pang makabuluhang paggagamitan o linangin upang maging kaaya-ayang lugar na aakit sa mga Lumbeño na bisitahin matapos makapamili ng mga kailangan;

**SAPAGKAT**, kung ang Pamahalaang Bayan ay makahihiram ng bahagi sa reclamation area sa Barangay Lewin na nasa pangangasiwa ng NPC-CBK upang magamit na transfer at holding area ay maililipat na pansamantala ang mga segregated waste na iniipon sa bahagi ng pamilihang bayan at tuluyan ng maisasaayos ang mga pasilidad sa lugar ng palengke;

**SAPAGKAT**, magkakaroon lamang ng kaganapan ang layunin na pumapaloob sa kapasiyahang ito kung pangungunahan ng minamahal na Punumbayan, Kgg. Rolando G. Ubatay ang paghiling at dayalogo sa pamunuan ng National Power Corporation-CBK Power Company Limited na magamit ang bahagi ng reclamation area bilang tipunan ng mga segregated waste bago dalhin sa Teresa, Rizal;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling sa Kgg. Punumbayan Rolando G. Ubatay na hilingin sa National Power Corporation (NPC)- CBK Power Company Limited na magamit ng Pamahalaang Bayan ng Lumban ang bahagi ng reclamation area sa barangay Lewin bilang transfer at holding station ng mga segregated waste na kasalukuyang iniipon sa Pambayang Pamilihan.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kgg. Punumbayan at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-07 ng Hulyo, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt070720res48*